REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 89-94**

**KAPASIYAHAN NA NAGTATAGUYOD NG ISANG REGULAR NA PAKIKIPANAYAM NG BUONG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA NANINIRAHAN, SA BAWAT BARANGAY SA NASASAKUPAN NG MUNTINLUPA.**

---

SAPAGKAT, panuntunan ng mga naglilingkod sa Pamahalaang Bayan na ilapit ito sa mga mamamayan at magkapanayaman lagi hinggil sa kapakanan ng bayan;

SAPAGKAT, ang madalasang pag-uugnayan at talastasan ng mga pi pinuno ng bayan at mga mamamayan ay madaling malalaman ang mga s suliranin sa kanilang lugar at mga kaukulang kasagutan dito;

SAPAGKAT, tungkulin ng nasa pamahalaang bayan na bisitahin ang kanilang nasasakupan at ipaalam ang anumang proyekto o programa ng pamahalaan para sa mga mamamayan at bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan pang muli na magtaguyod ng isang regular na pakikipanayam ng buong Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mga naninirahan sa bawat barangay sa nasasakupan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang panglimampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-13 ng Marso, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



Kapasiyahan Bilang 89-94

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINATOTOHANAN :
RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Marso 13, 1989